Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 4 NG ABRIL 2001, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | .................................... | Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Eugenio A. Javier. Jr. | | Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .................................... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .................................... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ariel T. Magcalas | .................................... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 137-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NG MGA BARANGAY HEALTH WORKERS (BHW) NA MAPAGKALOOBAN NG TIG-LILIMANDAANG PISONG (P500.00) HONORARIUM KADA BUWAN ANG BAWAT ISA BILANG PAGKILALA SA KANILANG PAGTULONG AT PAGLILINGKOD SA BAYAN.*

*SAPAGKA'T*, ang mga Barangay Health Workers (BHW) ay boluntaryong tumutulong sa mga pagbibigay ng mga pangunahing lunas sa mga maysakit at mga gawain ukol sa programa sa nutrisyon at gamutan;

*SAPAGKA'T*, nasa bilang na 84 BHW sa bayang ito ang boluntaryong tumutulong sa pagsasagawa ng mga gawaing nabanggit;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison. Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at *sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay*

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang kahilingan ng mga Barangay Health Workers (BHW) na mapagkalooban ng tig-lilimandaang Pisong (P500.00) honorarium kada buwan ang bawat isa bilang pagkilala sa kanilang pagtulong at pagliiingkod sa bayan.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at BHW, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

NAGPATUTOO.

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
*Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan